



Imus Pride 2024: #REAL: Reflect, Empower, Accept, Love

Pride, freedom, diversity — ganito mailalarawan ang isang araw na pagdiriwang ng Pride Month ng Imuseño LGBTQIA+ community noong Hunyo 22, 2024, sa Imus City Plaza.

Sa temang “#REAL: Reflect, Empower, Accept, Love,” iba’t ibang aktibidad ang nilahukan ng humigit-kumulang 300 LGBTQIA+ community at allies. Kabilang na rito ang Rainbow Fair, Painting of Pride Pedestrian, free HIV screening, at ang pinakahinihintay na SOGIE Night.

Itinampok sa SOGIE Night ang makukulay at maririkit na drag performances nina Au Rora, Curvedilol, Santana, at Holem Cheque, song performances nina The Clash finalist Fritzie Magpoc at Bakclash Grand Champion Echo, band performance ng Joana, at special performance mula sa Wear Ur Pride – Parade of Costumes contestants.

Nagharap-harap din ang mga kandidato ng Tanzang Luma V Prettiest at mga tomboy mula sa mga non-government organization para sa Family Feud Pride Edition.

Nakiisa rin sa pagdiriwang sina Cavite Sangguniang Kabataan (SK) Federation President Chelsea Sarno, Konsehal Dennis Lacson, Konsehal Mark Villanueva, Imus SK Federation President Glian Ilagan, at City of Imus Youth Affairs Office (YAO) Officer-in-Charge Jericho Reyes.

Ang ikalimang City of Imus Pride celebration ay pinangunahan ng City of Imus YAO sa pakikipagtulungan sa Rotaract Club of Imus at LGBT Pilipinas.

Bahagi rin ng pagdiriwang ang #REAL Seminar at ang Laro ng Ikatlong Lahi noong Hunyo 15, 2024, sa Imus Youth Center, Imus Pilot Elementary School sa pagkikipagtulungan ng Imus SK Federation sa City of Imus YAO at Rotaract Club of Imus.

Kalahok ang 220 LGBTQIA+ youth leaders, members, at allies, tinalakay nina Atty. Tricia Marie Barzaga ng Imus City Legal Office at Sustained Health Initiatives of the Philippines Inc. Regional Program Officer Symson Maquera sa #REALTalk ang mga nilalaman ng Safe Spaces Act at mga dapat gawin upang makaiwas sa HIV, maging ang mga suportang maaaring matanggap ng HIV patients.

Tumibay pa ang samahan ng mga kalahok sa Laro ng Ikatlong Lahi, kung saan malaya silang nakasali sa mga palarong Pinoy nang walang panghuhusga.

Nakisaya rin dito sina Konsehal Yen Saquilayan, Konsehal Enzo Asistio, at Imus SK Federation President Glian Ilagan.

Ang Pride Month ay ipinagdiriwang tuwing Hunyo bilang paggunita sa mga pinagdaanan at patuloy na pinagdaraan ng LGBTQIA+ community tungo sa pantay na karapatan sa lipunan.



Muling namahagi ng tulong pinansyal ang Pamahalaang Lungsod ng Imus nitong Hunyo 26, 2024, sa City of Imus Sports Complex, kung saan nasa 1,164 na Imuseño ang nakatanggap.

Personal ding kinumusta nina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, City Mayor Alex "AA" L. Advincula, City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ng mga konsehal ang mga benepisyaryo.

1,164 IMUSEÑO, NAKATANGGAP NG TULONG PINANSYAL



Sa pamamagitan ng pondo ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, nakatanggap ng tulong pinansyal ang 107 Imuseñong may kapansanan noong Hunyo 19, 2024, sa Wellness Center, New Imus City Government Center.

Nanguna sa nasabing pamamahagi si City Mayor Alex "AA" L. Advincula kasama sina City Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan at mga konsehal.

107 IMUSEÑONG MAY KAPANSANAN, HINANDUGAN NG TULONG PINANSYAL NG IMUS LGU



Tulong pinansyal para sa 140 senior citizens

Nag-abot ng tulong pinansyal sa 140 senior citizens ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pangunguna ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula at ng Office of the Senior Citizens Affairs noong Hunyo 3, 2024, sa Function Hall ng New Imus City Government Center.

Kinumusta rin nina Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, at ng mga konsehal ang mga dumalong lolo at lola.



IMUS AJAA SLUGGERS, KAUNA-UNAHANG KAMPEON SA 1ST AJAA INVITATIONAL SOFTBALL TOURNAMENT

Nasapul ng Imus AJAA Sluggers ang kampeonato at ang cash prize na P180,000 sa First AJAA Invitational Softball Tournament sa puntos na 9-1 na ginanap noong Hunyo 9, 2024, sa City of Imus Grandstand and Track Oval.

Natanggap naman ng Batang GenTri ang P150,000 premyo matapos hiranging first runner-up.

Sa laban para sa ikatlong puwesto noong Hunyo 2, nasungkit ng Unlad Cavite City ang second runner-up at ang P100,000 sa puntos na 3-2 kontra Dasmariñas Monarch, kung saan inuwi ng nasabing koponan ang P75,000.

Bilang pagkilala sa kasipagan at pagsusumikap ng lima pang koponan, ginawaran ng P50,000 ang mga koponan na Bacoor Strikers, Batang Alfonso, Tanza Mariners, Trece the Martyrs, at Unlad Noveleta.

Pinarangalan din ang mga kahanga-hangang manlalaro tulad ni Bacarisas ng Imus AJAA Sluggers na hinirang bilang Season Most Valuable Player (MVP), Best Hitter, Best Slugger, Most Home Run, at Most Run Batted In.

Kabilang din sa mga ginawaran ay sina Liguayan ng Imus AJAA Sluggers bilang Finals MVP, Ventura ng Batang GenTri bilang Best Stolen Bases, at Roxas ng Imus AJAA Sluggers bilang Best Pitcher.

Ipinaabot din ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang kaniyang pasasalamat at paghanga sa bawat lungsod at munisipalidad na nakilahok at nagbahagi ng talento sa naturang paligsahan.

"Nais ko pong magpasalamat sa [mga] bayang nakisama at nakiisa sa ligang ito . . . Nakita namin ang inyong sportsmanship ay napakagaling . . . Nakikita po natin na puwede tayong lumaban sa buong mundo. Dito po tayo makakasabay, hindi po kailangan ng height, ang kailangan lang po ay sigla, liksi, at sipag nang [sa] gayon ay maging tanyag [tayo] sa mundo," pahayag ni Mayor AA.

Personal ding binati nina Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Cavite Sangguniang Kabataan Federation President Chelsea Sarno, at mga konsehal ang mga koponan.

Matatandaang nag-umpisa ang First AJAA Invitational Softball Tournament noong Mayo 4, 2024.



IMUS LGU, SUMAILALIM SA 2024 SGLG REGIONAL VALIDATION

Bumisita sa Imus ang regional assessment team ng Department of the Interior and Local Government (DILG) para sa 2024 Seal of Good Local Governance (SGLG) Regional Assessment ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Hunyo 5–6, 2024.

Muling sinuri ng assessment team ang 10 governance areas na pamantayan ng mabuting pamamahala, gayon din ang 21 tanggapán at pasilidad ng lokal na pamahalaan.

Bahagi ng regional assessment team sina Cluster Head Local Governance Operations Officer (LGOO) IV Marcial Juangco, LGOO III Niña Norissa Maranga, LGOO III Alice Bay, Engr. Earl Buna, at Civil Society Organization Representative Pastor Fritz Carnaje.

Nagsagawa rin ng courtesy call ang naturang assessment team sa opisina ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula.



AKSYON ATLETA PROGRAM: SAPATOS AT CASH ALLOWANCE SA MGA KABATAANG ATLETA

Napuno ng mga ngiti ng nasa 100 kabataang atletang Imuseño ang Function Hall ng New Imus City Government Center sa paglunsad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ng Aksyon Atleta Program nitong Hunyo 20, 2024.

Pinangunahan ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang pamamahagi ng mga bagong sapatos at monthly cash allowance sa mga kabataang atleta ng football, softball, baseball, athletics, at chess.

Kaagapay sa naturang pamamahagi ang Imus City Sports Development Unit, sina Konsehal Mark Villanueva, Konsehal Atty. Wency Lara, Liga ng mga Barangay President Rey “RR” Ramirez, at Sangguniang Kabataan Federation President Glian Ilagan.

Sinisiguro ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang patuloy na pagsuporta sa mga kabataang Imuseño sa iba’t ibang larangan ng sports.



IMUS LGU NAKIISA SA PAGDIRIWANG NG KALAYAAN 2024

Sa paggunita sa ika-126 na anibersaryo ng Kalayaan ng Pilipinas, iba't ibang aktibidad ang isinagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus noong Hunyo 11-12, 2024.

Mapitagang seremonya ng pagsusunog sa pambansang watawat

Isang araw bago ang Araw ng Kalayaan, idinaos ang taunang flag-burning ceremony noong Hunyo 11 sa Imus Heritage Park bilang pagbibigay-pugay sa anim na luma at sirang pambansang watawat.

Batay sa Section 14 ng Republic Act No. 8491, o "Flag and Heraldic Code of the Philippines," ang mga luma at sirang watawat ng Pilipinas ay dapat binibigyan ng mapitagang seremonya ng pagsusunog at hindi itinatapon lamang.

Ang naturang seremonya ay pinangunahan ng Imus City Tourism and Heritage Office (CTHO), katuwang ang Imus City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO) at ang Philippine National Police (PNP) Imus.

Bahagi rin dito sina City Administrator Tito Monzon bilang kinatawan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Cavite Sangguniang Kabataan (SK) Federation President Chelsea Sarno, Konsehal Jelyn Maliksi, Imus SK Federation President Glian Ilagan, Schools Division Superintendent Dr. Homer Mendoza, Acting City Tourism Officer Dr. Emanuel Paredes, Local DRRM Officer Marisel Cayetano, at City Deputy Chaplain Ramil Ilano.

Nagtapos ang programa sa paglilibing sa urna ng pambansang watawat.

Sabayang pagtataas ng watawat ng Pilipinas

Nakiisa ang Pamahalaang Lungsod ng Imus sa sabayang pagtataas ng watawat ng Pilipinas sa iba't ibang lugar sa bansa noong umaga ng Hunyo 12, araw ng paggunita sa ika-126 na anibersaryo ng Araw ng Kalayaan, na ginanap sa Dambana ng Pambansang Watawat, Imus Heritage Park.

Naging bahagi rito sina City Mayor Alex "AA" L. Advincula, Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Cavite SK Federation President Chelsea Sarno, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, PNP Imus sa pangunguna ni PLTCOL Louie Dionglay, at department at unit heads.

Ang naturang sabayang pagtataas ng watawat ng Pilipinas ay pinamunuan ng Imus CTHO.

Parada ng Kalayaan

Pinangunahan ni City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang pakikibahagi ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa Parada ng Kalayaan 2024 na pinangasiwaan ng National Historical Commission of the Philippines noong hapon ng Hunyo 12 sa Quirino Grandstand.

Nakasama ng alkalde sina Vice Mayor Homer "Saki" T. Saquilayan, Cavite SK Federation President Chelsea Sarno, mga miyembro ng Sangguniang Panlungsod ng Imus, at mga kawani ng Imus CTHO.

Tampok sa naturang parada ang 22 karosang inilarawan ang mga makasaysayang kaganapang naging sanhi upang makamtan ng Pilipinas ang kalayaang hinahangad nito mula sa mga mananakop na Kastila.

Kabilang din dito ang 10 orihinal na gabinete ng pamahalaan at ang mga kasalukuyang ahensiyang katumbas ng mga ito.

Binigyang-pugay rin nito ang mga sandatahan ng Pilipinas sa pamamagitan ng isang military parade.

Nagtapos ang nasabing parada sa isang fireworks display.

Idineklara ang Araw ng Kalayaan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898, matapos ang 333 taong pananakop ng España sa Pilipinas.

1,260 BINATILYO, SUMAILALIM SA LIBRENG OPERATION TULI 2024



Muling umarangkada ang Operation Tuli ni Congressman Adrian Jay "AJ" C. Advincula nitong Hunyo 10-27, 2024, sa City of Imus Sports Complex.

Dito, 1,260 binatilyong Imuseño ang tinuli nang libre sa tulong na rin ng CALAX, Pamahalaang Panlalawigan ng Cavite, Imus City Health Office, Imus Institute Batch '86, at nursing students ng Emilio Aguinaldo College at De La Salle University-Dasmariñas.

Bahagi ng mga hangarin at adbokasiya ni Cong. AJ ang Operation Tuli 2024 na layong maging abot-kaya ang medikal na pangangailangan ng mga Imuseño.



Nanumpa kay City Mayor Alex "AA" L. Advincula ang mga bagong halal na Homeowners Association (HOA) officers mula sa iba't ibang barangay sa Imus noong Hunyo 3, 2024, sa Function Hall ng New Imus City Government Center.

Mula sa Alfonso Village, Dreamville IV, Hamilton Homes, Marycris, Pacific Terraces Community East, The Legian South Subdivision, Country Ville Mile, Saudia Village, Gardenville Subdivision, Mikesell Subdivision, Parkdale Classic 1 and 2, Citihomes Grand Plaza, Camella Nueva Imus, Bahayang Pag-Asa Woodlands, Vallejo Place, Meadowville, Southgrove Estates, Summer Pointe Country Homes, Vivace Village, Lessandra BNT, Las Verandas Villas Phase 2, Green Villas Phase 2, Greenpark Villas Phase 1, The Istana, Silvertowne IV, Greenplace, Savanna Ville Phase 1 and 2, Greenmark Homes Extension, Bayanihan, at Greengate Homes 1-Annex ang mga naturang HOA officer.



MASS OATH-TAKING NG HOA OFFICERS PINANGUNAHAN NI MAYOR AA



TOP 40 TAXPAYERS KINILALA NG IMUS LGU

Ipinagdiwang ng Pamahalaang Lungsod ng Imus ang ika-12 anibersaryo ng pagiging lungsod nito sa pagkilala sa top 20 business taxpayers at top 20 real property taxpayers nitong Huwebes, Hunyo 27, 2024, sa New Imus City Government Center.

Pinasinayaan ni Cavite Third District Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula ang selebrasyon sa pagbibigay-pugay sa mga makabuluhang kontribusyon ng mga gagawaran para sa kaunlaran ng Lungsod.

“Kayo ang bumubuhay sa ekonomiya sa Lungsod ng Imus. You made the success of Imus today by the taxes you actively pay. Your contributions are the fuel that propels our City’s advancement and development,” batid ni Cong. AJ.

Tiniyak din niya na ang bawat pisong kanilang ibinabayad ay may makabuluhang patutunguhan.

Ayon pa sa kaniya, “Sisiguraduhin natin na ang buwis na kinokolekta ng pamahalaan ay nararamdaman ninyo, nakikita ninyo, at nagtatrabaho para sa inyo.”

Nagbigay naman ng mensaheng pagsuporta at inspirasyon si City Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan.

Kinilala rin ni City Mayor Alex “AA” L. Advincula ang walang-sawang suporta at tiwala ng mga taxpayer sa Pamahalaang Lungsod ng Imus upang maihatid ang mahusay na serbisyo, programa, at proyekto sa mga Imuseño.

“Taos puso pong nagpapasalamat ang inyong lingkod . . . sa 40 po, lahat sa ating mga taxpayer . . . kayo po ang nagpapatakbo sa ating lungsod dahil sa ibinabayad ninyong taxes,” ani Mayor AA.

Pinarangalan ang Liwayway Marketing Corporation bilang top business taxpayer. Kabilang din sa top 20 business taxpayers ang:

- PMFTC Inc.
- San Miguel Yamamura Packaging Corporation
- Ayala Land, Inc.
- Kareila Management Corporation
- Mercury Drug Corporation
- Magnolia Inc.
- Alfametro Marketing, Inc.
- Maynilad Water Services, Inc.
- Puregold Price Club, Inc.
- Robinsons Supermarket Corporation
- Fresh N Famous Foods Inc.
- Dearborn Motors Co., Inc.
- Golden Arches Development Corporation
- AllHome Corporation
- R.L. Abad Distribution Inc.
- Metro Pacific Tollways South Management Corporation
- Sanford Marketing Corporation
- WalterMart Supermarket Inc.
- Makati Development Corporation.

Nanguna naman ang San Miguel Yamamura Packaging Corporation sa top 20 real property taxpayers. Bahagi rin dito ang:

- Ayala Land, Inc.
- Metro Pacific Tollways South Management Corporation
- Property Company of Friends, Inc.
- Chan C. Bros, Inc.
- Liwayway Marketing Corporation
- Smart Communications, Inc.
- Robinsons Land Corporation
- Manila Electric Company
- Garcia 55 Realty Corporation
- Maynilad Water Services, Inc.
- Lotus Central Mall Inc.
- Jacob C. Ng and Eileen Ng
- GT Capital Holdings Inc.
- Jacinto L. Ng and Anita Ng
- Sta. Lucia Realty & Development Corporation
- Puregold Price Club, Inc.
- Hengan Property Development Inc.
- Vicivi Development Corporation
- Masaito Development Corporation.

Inilagtag din ni Mayor AA ang ilan sa mga proyekto at programang naisakatuparan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa nagdaang taon gaya ng papalapit na pagbubukas ng tatlong malalaking pampublikong paaralan sa Imus, patuloy na pagpapaliwanag ng mga daan, at ang pagsugpo ng krimen sa lungsod.

Nagtapos ang seremonya sa pagpapaabot ni Konsehal Mark Anthony Villanueva, Tagapangulo ng Komite ng Kalakalan, Komersiyo, at Industriya, ng mithiing tumibay pa ang samahan ng mga taxpayer at ng lokal na pamahalaan.

Opisyal na naging lungsod ang Imus noong Hunyo 30, 2012, sa bisa ng Republic Act No. 10161. Ang administrasyong Advincula ay patuloy sa pagpapatupad ng mga programa at proyekto para sa tuloy-tuloy na pag-unlad ng Lungsod ng Imus.

“Umasa ho kayo, bilang alkalde ng Lungsod ng Imus, pahahalagahan ko ang bawat sentimo na ibinabayad ninyo sa ating lungsod dahil kailangang makatulong sa mga taong nangangailangan dito sa ating lungsod. Maraming salamat po sa patuloy na suportang ibinibigay ninyo sa ating lungsod,” saad ni Mayor AA.



BUHAY NA TUBIG – TANZANG LUMA BRIDGE AND BYPASS ROAD, BUKAS NA

Opisyal nang binuksan ng Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna nina City Mayor Alex “AA” L. Advincula at Vice Mayor Homer “Saki” T. Saquilayan, ang 38-meter at 450-meter Buhay na Tubig – Tanzang Luma Bridge and Bypass Road nitong Hunyo 23, 2024.

Ayon kay Mayor AA, bilang dating residente ng Tanzang Luma, naranasan niyang tumulay sa katakot-takot na tulay bitin noong siya ay bata pa lamang. Sa pagdaan ng panahon, batid niya na nanatili pa rin itong tulay bitin.

“Noon pong edad ko[ng] limang taon, inoobliga po akong tumawid dito. Takot na takot akong tumawid sa tulay na ‘to . . . Pero dumaan ang panahon, umunlad ang ating lugar . . . Tulay bitin pa rin,” ani Mayor AA.

Kaya’t katuwang ang pamilya Jaro, naging posible ang pagkongkreto ng naturang tulay.

“Ito po [a]ng 38 meters na tulay at 450-meter na kalyeng magdurugtong sa Buhay na Tubig at tsaka Tanzang Luma . . . Sasamantalain ko na rin po ang pagkakataong ito para pasalamatang ang pamilya Jaro. Sila po kasi ang may malaking na-contribute sa kalye na ‘to,” dagdag pa ng alkalde.

Kasabay nito ay ang pormal na pagpapailaw ng mga streetlight sa kahabaan ng nasabing kalye, kaagapay naman ang tanggapan ni Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula.

Sa pagbubukas ng Buhay na Tubig – Tanzang Luma Bridge and Bypass Road, mas ligtas at mas malawak na ang daang tutulayin ng mga residente ng Buhay na Tubig at Tanzang Luma.

Dumalo rin sa naturang blessing at ribbon cutting sina Board Member Shernan Jaro, Liga ng mga Barangay President Rey “RR” Ramirez, Kapitan Bienvenido Acuña ng Tanzang Luma V, mga konsehal, at mga kapitan.

MAYOR AA, CONG. AJ NAKISAYA SA KAPISTAHAN NI SAN JUAN BAUTISTA



Nakipista sina City Mayor Alex “AA” L. Advincula at Congressman Adrian Jay “AJ” C. Advincula sa mga residente ng Tanzang Luma na ipinagdiwang ang Kapistahan ni San Juan Bautista noong Hunyo 24, 2024.

Sa kabuuan, 355 katao ang nagpamalas ng kanilang malikhaing talento sa maskara competition at karakol.

Ang Kapistahan ni San Juan Bautista ay ginugunita tuwing Hunyo 24 bilang pagdiriwang sa araw ng kaniyang kapanganakan.

EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief: Ervin Ace H. Navarette

Managing Editor: Nikki Elline C. Barco

Head Writer: Francesca Mandac

Art Directors: Christian Yunson

Photo Credits: City Information Office
City Tourism and Heritage Office
Office of the Congressman



Inilathala ng:
IMUS CITY INFORMATION OFFICE

2F Imus City Government Center

Email: imuscityinformationoffice@gmail.com

www.cityofimus.gov.ph